

TUBIG AT PAG-IBIG: REBYU NG KUNG PAANO HINIHINTAY ANG DAPITHAPON NI CARLO ENCISO CATU

Paul Alcoseba Castillo

Nasa maingat na paghawak sa bisyon ng kuwento nakasalalay ang bisa ng pagpapahiwatig sa biswal na sining ng pelikulang, lalo iyong muling tumatalakay sa isang dakila at hindi masaid-said na bukal ng tema ng pag-ibig. Sa tulad ni Carlo Catu, mapadadaloy muli ang paniniwala sa pag-ibig na puspos na iniaalay sa lahat ng hugis, anyo, at gulang. Ganoon na lamang ang talab ng pelikula niyang *Kung Paano Hinihintay Ang Dapithapon* (2018) na kahit iyong inaakalang hindi na maaaring makadama nito’y lulunurin ng emosyon.

Madali ring mahihinuha ng tagapanood kung tungkol talaga saan ito, mula sa pamagat, na pahapyaw ito sa yugto ng buhay na hindi naman talaga inaabangan ngunit batid na darating sa kahit sino. Pero higit ang posibilidad ng pagdating nito para sa mga senior citizen, ang mga tauhang pinili bilang lunsaran ng usapin ng mortalidad sa kabila ng pag-iisa. Kung tutuusin, malapit and dapithapon dito sa ikalawang linya ng bugtong patungkol sa banig: “Kung gabi ay dagat” dahil sa sandaling sumapit ang dilim, susundan ito ng eternal na pamamahinga, ang pagduyan ng alon habang itinatawid nito ang yumao patungo sa kabilang ibayo.

Sa isang banda, muling pagkatha ito sa *Love In The Time of Cholera* (1985) ng Nobel laureat na si Gabriel Garcia Marquez. Pero sa halip na si Florentino ang maghintay sa sandaling mabalo si Fermina matapos ang higit sa limampung taong pagsasama kay Dr. Juvenal, sa pelikula, ang pedyatristang si Celso (Menggie Cobarrubias) ang nananabik sa panahong maikakasal kay Tetang/Tera (Perla Bautista). Ang halos tatlong dekadang pagsasama’y hindi maituloy sa altar dahil kasal pa rin ang babae kay Bene (Dante Rivero) na piniling makipaghiwalay. Maganda ang bagong paghaharayang ito sa kuwentong pumapaksa sa ibang uri ng love triangle na iniaangkop sa mga nakatatandang patuloy na umiibig. Dahil aminin man o hindi, walang edad na hindi nagmamahal.

May natatanging suliranin ang pelikula't telebisyon na tinutugunan ng pagpaksa sa ganitong klase ng pag-ibig, ang pagbabalikan ng mga senior citizen na dati'y magsing-irog na. Sa dekadangito lalo na, dahil parang nagamit na ng mga manunulat at mga direktor ang mga trope ng puppy love, boy-meets-girl, star-crossed lovers, at ang love triangle, na ang totoo'y nanaig pa rin hanggang ngayon. Pero may may iilang bumabalikwas dito at maihahanay sa old flame trope. May mga natutuliro kahit may iba nang kapiling, gaya sa *1st Ko Si 3rd* (2014) ni Real Florido, dahil lang sa isang hindi inaasahang pag-uwi't pagkikita. Nariyan din ang nagkakaungkatan ng nakaraan at kasalanan sa isa't isa, sa *Hintayan ng Langit* (2018) na adaptasyon ni Dan Villegas mula sa dula ng kaparehong pamagat, na tuluyang magkakapatawaran para magsama na rin sa wakas. Matatawag na pambasag sa monotono ng nagkalat na kuwento ng pag-ibig ang mga nabanggit na pelikula pero kahit nakahilera ang Kung Paano Hinihintay dito, pinipigil nito ang kilig kahit mapagpatawa, ramdam ang tensyon pero walang nagsisigawan, at may natitirang emosyon sa mga tauhan gayong hindi kailangan ang pagbabalikan. Sa halip, natatapos ang sumpuan dahil paglisan ng isa.

Mapapalapit ang panahong hinihintay nang lumubha ang karamdaman ng dating asawa, at manunumbalik ang presensiya ni Bene nang ipinatawag si Tetang/Tere upang muling umuwi sa kanilang lumang tahanan. Ang paghaharap nila ang magbubukas sa pagdaluyong ng kung ano sila noon bilang magkabiyak, sa ilalim ng pamilyar na silong na iyon bago tuluyang naging estranghero sa isa't isa. Kasabay nito ang pagdating din naman ng mga unos na magdadala ng magkakaibang pagbugso at pagbaha.

Sa mga pagkakataong may bagyo, mapapansing nananatiling nakatindig pa rin ang bahay na yari sa kahoy kahit maiwan itong putikan at markado ng mga tulo ang kisame't sahi. Gaya ng bahay ang naiwang si Bene, na kahit may edad na, nakatatayo't nakagagala pa rin sa kabila ng mga dinaramdam. Sa madaling sabi, siya ang haliging naiwan sa tahanan. Iyon nga lang, unti-unti ring naubos ang nilalaman mga muwebles at kasangkapang kaniyang ipinagbili, kung paanong basyo na lamang ng dati niyang sarili si Bene dahil sa pag-iisa mula nang itaboy ang misis at supling. Sa loob ng dalawampu't pitong taon, nanatili siyang nagpapakatatag, pinaninindigan ang kaniyang pananatili sa aalog-alog na espasyo.

Bukod sa bagyo't baha, lagi't laging mapapansin ang presensiya ng iba't ibang anyo at laki ng tubig sa buong pelikula. Nariyan ang pagdura ng magkahalong dugo't laway ni Bene, pagpapahiwatig ng masamang lagay

ng kalusugan niya. Ang baso ng tubig na nakahain nang unang pagdalaw ni Tetang na agad namang tutumbasan, pagkauwing-pagkauwi ng kapeng inihanda para sa agahan ni Celso upang ipakita ang waring magkapantay na pag-aalaga sa magkaibang lalaking minsang inibig at inibig sa kasalukuyan. Madidinig din ang walang tigil na pagpatak ng tubig sa loob ng bahay upang ipaalam ang nagbabadyang paninira ng tubig. Sa dami ng imaheng ito ng likido, balintuna ang binanggit ni Celso, na medikal niyang paniniwala, hinggil sa porsyento ng tubig sa loob ng katawan na hindi ito patunay na makakaligtas ang tao sa pagkalunod.

Malinaw ang halaga ng ulan sa obrang ito, pero masasabing hindi ito katulad ng pagbabalik ni Tetang sa dating pamamahay at sa piling ni Bene. Hindi siya tulad ng bahang tatangay sa anumang natitira pa sa asawa. Higit itong inilalarawan ng paghihilamos, ng pagpapahid sa nakaratay na asawa gamit ang bimpò at batsa ng tubig. Bagaman hindi na bago ang papel ng babaeng ipinamamalas dito, gaya ng pagpapaligo sa *Bona* (1980) ni Lino Brocka, nanginigbabaw ang malakas si Tetang dito kaysa kay Bene. Pinahihiwatig ng eksenang ito na bagaman may pisikal na pagtatagpo ng mga katawan, naroon ang tubig, hanggang hindi nakikita sa pagitan ng dalawang pinaglayo ng panahon at at espasyo, habang panandaliang magkasama sa lumang silid.



Fig. 1. Ang malumanay na palitan habang hinihilamosan ang dating asawa. (*Kung Paano Hinihintay ang Dapithapon*, Cinemalaya Foundation, Cineko Productions, at Clever Minds, 2018)

Pinatitibay pa ito ng pagiging tapat ni Tere nang walang pagkikimang aaming “Kaya ako narito dahil kaya na kitang harapin. Dahil hindi na rin kita mahal.” Napakalakas ng bisa ng katagang ito sapagkat pinatutunayan nito na ang halaga ng babae ay hindi nakasalalay sa pangangailangan ng pag-ibig ng asawa, kung paano ring nagtagal siyang hindi ikinakasal kay Celso.

Ang lawak ng usapin ng pagsasama’t pag-ibig ay mabuting umapaw upang isangkot ang iba pang tao sa pelikula. Hindi lamang sa tatlong tauhan umiinog ang kuwento, sa halip, nagdudulot ito ng projection tulad kay Marisa (Che Ramos), ang anak ni Celso, na nasa bingit naman ng pakikipaghiwalay sa kaniyang mister. Kahit ang ama pa ang nagbibigay ng payo, malay ang tatay, sa paraan niyang kakatwa at minsá’y pabiro, na ang disposisyon ng madrasta sa mga relasyon ang dapat maging modelo ng kaniyang supling. Nagawa ng *Kung Paano Hinihintay* na pagaangin ang inaasahang bigat ng melodramatikong mga paksa tulad ng kamatayan at hiwalayan. Sentimental ito ngunit nagagawang magpatawa sa simpleng pagtatapat ng magkakaibang katangiang tiyak na pinalambot ng panahon. Ito ang isang kalakasan ng pelikula dahil maingat ang pagtangan sa materyal, na hindi kinakailangang humantong sa de-kahon at gasgas nang mga teknik na karaniwan sa mga kuwentong love triangle.

Love triangle ito ngunit hindi nito ipinadama ang bigat na karaniwang nakakabit dahil sa mga naunang pelikulang tulad nito. Hindi matatagpuan dito ang komprontasyong laging may sigawan o sampalan. Marahil dahil tigulang ang mga tauhan kaya nararapat ding mature ang pananaw ng mga upang umangkop sa kanilang edad at ang paghawak nila sa pag-ibig kasama ang lahat ng salimuot na kaugnay nito. Pero ipinamamalas din nito ang husay ng panulat ni John Carlo Pacala, mapagtimpi angnaging paglalarawan sa anyo ito ng pag-ibig na hindi madamot o seloso sa harap ng taong ipampapalit sa magiging puwang ng puso. Mapagpahiwatig ang pelikula nang hindi kinakailangan ilahad ang mga kaliit-liitang pinagmulan ng away-mag-asawa. Sa halip, ipinahaharap nito ang pagbabago sa mga indibidwal na mga kaugnay sa relasyon para makilala nang mas malalim na hahantong sa pag-unawa sa tila hindi makatwirang nilang pagpapasya.

Narito ang ibang uri ng pag-ibig, iyong mapagmalasakit, ng lalaki para sa isa kapuwa niya lalaki na nababahiran, nahahawahan ng pagmamahal ng iisang taong nagdurugtong sa kanilang lahat. Ito marahil ang tipo ng pagmamahal na ipinadadanas ng pelikula lalo para sa mga nakababatang tagapanood, habang sinasaksihan ang marahang pagpapalit ng katuwang sa

nahuhuling mga yugot ng buhay, na walang limitasyon, walang hangganan kung kailan magsisimula at magtatapos ang pagmamahalan. Gaya ito ng ulan, na bubuhos at hihinto, ngunit walang katiyakang hindi na ito mauulit pang muli sa mga susunod pang araw.

Panandaliang inilalagay ang tagapanood sa posisyon ni Chito (Romnick Sarmenta), ang tanging supling nina Bene at Tetang, para ipaalam ang ibinubunga ng ganito sitwasyon para sa pamilya, higit para sa emosyonal na kalagayan ng batang nagsisimula pa lamang unawain ang mundo sa pagitan ng magkalayong mga magulang. Ang nalikhang tensiyon ng relasyong ito ng mag-ama'y bahagi ng pag-ako, sa wakas, ng dalawang panig sa kani-kanilang pagkukulang.



Fig. 2. Pagdalaw ng anak sa amang malubha ang nadarama.
(Kung Paano Hinihintay ang Dapithapon, Cinemalaya Foundation, Cineko Productions, at Clever Minds, 2018)

Gayunman, ang pagtatangkang harapin ng anak ang ama'y maituturing nang pagmamamahala na piniling ipakita sa ibang anyo. Kaya napakahalaga ng eksenang ito, na kaisa-isang pagluhang matutunghayan sa buong akda, dahil pinupunan ng luhan ni hindi pa pumapatak ang sakit at pagdaramdam na hindi ipinahahayag ng alinmang tauhan. Ang emosyong tila lumipas na sa dating nag-iibigan ay panandaliang mapakakawalan ng isang higit na nagdusa sa lahat ng pangyayaring dinanas mula sa kabataan.

Maipauunawa ng dinamika ng mag-ama ang pag-aalangan ng anak na lumagay sa tahimik ay may kinalaman sa waring tinanggap, sa minana niyang tadhanang nakagisnang relasyon. Sa kabila nito, at sa paglipas ng bagyo't paghupa ng baha, may kung anong matatangay sa pagitan ng mag-ama, at tatangay din maging sa nanonood. Tanda ito ng pagwawakas ng deka-dekada nang unos na nanlubog sa paniniwala sa wagas na pag-ibig bagaman pagkalipas nito, walang ligaya o pagliwanag na papalit dito. Kung paanong ang paghihilamos sa nakaratay ay isang paraan ng paghuhubad sa lahat ng pananggalang, sa lahat ng magkukubli sa katotohanan, naipatatanggap din ng pelikula ang realidad na puno ng salamisim, ang higit na malaking anyong tubig.

Kaya ang presensiya ng dagat sa dulong bahagi ng pelikula'y maihahalintulad din sa pagtatapos ng nobela ni Garcia, habang dinadala ng agos ng ilog ang lulang bangka nina Florentino at Fermina. Maaaring tingnan ang dalawang mga eksenang ito bilang pagbaling sa hinaharap, sa walang katiyakang darating sa pagitan ng mga mangingibig, na sa mga akdang ito, ang mga may edad ang lumalapas, sa nalalabing pagkakataon sa biyaya ng pag-ibig. At ang daloy dito'y pahintulot na magpatuloy sa buhay sa kabila ng naganap sa nakalipas.



Fig. 3. Pag-aabang ng tatlong tauhan sa bukung-liwayway. (Kung Paano Hinihintay ang Dapithapon, Cinemalaya Foundation, Cineko Productions, at Clever Minds, 2018)

Samantala, ang pagtatapos ng araw, ang dapithapong inaabangan sa pamagat, ang humahati sa liwanag at gabing naglalarawan sa *Banig* sa panitikang pabigkas. Ito ang sandaling nagsasalo ang buhay at kamatayan, ang sansaglit na pagpapalit ng araw patungong dilim, bago ang tuluyang paghimlay. Kaya naaangkop ang pagsasama ng kamatayan at dagat sa obra ni Catu dahil nahuhuli nito ang katutubong kaisipan hinggil sa siklo sa arawang buhay ng paggising para mag-umpisang muli at pamamahinga kapag napagal na. Gayundin, mababatid na siklo rin ito ng isang buong pamumuhay, hanggang tuluyan nang lumisan at iwan ang dating mga kapiling.

Natatangi ang pelikula hindi lang dahil pinagbubuklod nitong muli ang mga naghiwalay ng landas upang tuluyang nang tuldukan ang mga nangyari kundi, dahil pinagbubuklod nito ang mga itinuturing na magkaribal dapat sa pag-ibig. Ipinatatanaw dito, na gaya ng tubig, may iba't ibang anyo at lawak ang pagmamahal. May marumi, may mainit, may nakalulunod, at may nakalilinis. Lahat ng pag-ibig na iyon ay daraanan at daraanan ng mga bagyo't baha. At lahat din ng iyon, hinihintay lamang na tumila't humupa maging payapa tulad sa dalampasigan habang pinanonood ang pagsapit ng dapithapon ng buhay, ang pagiging ganap ng hinihintay na pagsasamang lubos.